TATSULOK

Komiks

Tomo Bilang 1 Isyu Bilang 5 2011

Proyektong Pangkomunidad ng galang

EDITORYAL

BUHAY ANG BAYANIHAN SA BAYAN NI JUAN(A)

Sa loob lang ng ilang buwan mula nang makilala natin sina Pamboy D'Tomboy at ang buong tropa ay napakarami nang nangyari sa Barangay Sta. Elena. Ngayong tayo ay nasa ikalimang isyu na ng kauna-unahang tomo ng Tatsulok Komiks, anong mga aral ang natutunan natin mula sa makukulay na buhay ng ating mga bida? Mayroon ba tayong nadiskubre tungkol sa sarili natin na maaaring sinasalamin ng mga tauhan sa istorya?

Kapansin-pansin sa unang tomo ng Tatsulok Komiks na bukod sa pagtalakay sa mga usapin ng mga karapatang pantao ng mga lesbyana, *bisexual*, at *trans men* (LBT) ay sinubukan din nating bigyang-buhay ang karanasan ng mga tauhan bilang mga residente ng isang tipikal na komunidad ng maralitang tagalungsod. Maraming eksena sa istorya ang nauugat sa masasalimuot na usaping kaugnay ng lupa at paninirahan, gaya ng mga sala-salabat na kable ng kuryente, sunog, pananakot, at karahasan. Ipinakita rin ang sari-saring anyo ng mga suliraning panlipunan na laganap sa ngayon—at maging noon pa man—gaya ng malawakang kahirapan, kawalan ng trabaho, di-pantay na pagtrato sa kababaihan, at syempre, ang diskriminasyon laban sa mga sekswal na minorya gaya ng mga LBT.

Kung tayo ay lumaki o nakatira sa isang pamayanang gaya ng Sta. Elena, ano ang natutunan nating bago sa Tatsulok? Kahit hindi natin binasa ang komiks, alam na natin tiyak ang istorya ng buhay-maralita, 'ika nga. Isang kahig, isang tuka. Daanin sa tulog ang gutom. Bawal magkasakit dahil walang pambili ng gamot. Mas importante kung sino ang *backer* kaysa pagkakaroon ng abilidad, lalo na kung isa kang lesbyana. At napakarami pang iba....

Nagbigay ng aliw ang unang tomo ng Tatsulok Komiks, pero sana ay manatili rin sa atin ang mensahe na sa kabila ng hirap ng panahon ay buhay pa rin ang kultura ng bayanihan sa ating mga Pilipino. Sadyang maraming pagsubok ang pinagdadaanan natin sa araw-araw, pero di nga kaya ganito lang talaga ang buhay? Maaaring ang tanging magagawa lang natin ay ang akayin ang isa't isa, kalimutan ang pansariling interes kahit paminsan-minsan, at magpasalamat na mayroon tayong karamay at katuwang sa pagpapanday ng mas maayos na kinabukasan para sa ating sarili, sa ating mga mahal sa buhay, at sa ating lipunan. Ang pananalig na ang lahat ng bagay ay may dahilan, ang pagmamalasakit sa kapwa, ang pagtulong sa higit na nangangailangan, ang pagbubuklod-buklod at pag-oorganisa para sa kabutihan ng higit na nakararami—marahil ang mga ito na nga ang esensya ng pagiging tao at ang mga ito rin ang mag-aahon sa atin sa kahirapan at babago sa ating kalagayan bilang mga lesbyana, *bisexual*, at *trans men* (LBT).

AML

galang

Ano ang GALANG?

Ang GALANG ay isang organisasyong di-panggobyerno na nagsusumikap na makamit ang isang lipunang makatarungan at progresibo, may pantay na pagtingin sa lahat ng tao, anuman ang kanilang uri o katayuan sa buhay, kasarian, pagkakakilanlang pangkasarian, pagpapahayag pangkasarian o oryentasyong sekswal.

Kasulukuyang gumagamit ang GALANG ng mga istratehiyang nagpapalawig sa kakayahan ng mga mamamayan para tulungan nila ang kanilang sarili. Kabilang sa mga ito ang pag-oorganisa at pagpapatibay ng mga samahan ng mga LBT sa komunidad, adbokasiya, at pagsasaliksik tungkol sa mga usapin ng hanay ng mga LBT. Nagsasagawa ang GALANG ng mga talakayan, pagpapalabas ng pelikula, pagsasanay, at paglalathala ng mga popular na babasahin gaya ng Tatsulok Komiks.

ANG PAKIKIPAGSAPALARAN NI PAMBOY D'TOMBOY

Isinulat ni: Bonifacio P. Ilagan
Iginuhit at Inilatag ni: Franz Garcia

Ang Nakaraan: KUNG ANO-ANONG PANLILIGALIG ANG GINAWA NG KORPORASYONG UMAANGKIN SA BARANGAY STA. ELENA. KABILANG SA SINAMPULAN SINA JINKY AT BERTA. SA KULUNGAN, PINAG-INITAN SILA NG MGA PRESO DAHIL SILA'Y TOMBOY AT BADING. SA PAGKAKAISA NINA PAMBOY, LUMAYA ANG DALAWA. SA HALIP NA MANGHINA, ANG SAMAHAN NG MGA LESBYANA AY MAS TUMIBAY, PATI NA ANG PAGNANAIS NA HIGIT PANG MATUTO TUNGKOL SA KANILANG KALAGAYAN AT MGA KARAPATAN.

TUMAWAG NG PANSIN ANG PAG-AALSA-BALUTAN NG MGA KA-BARANGAY.

NANAY IDA's TINDAHAN

LARA, BAKIT KAYO NAG-AALSA BALUTAN?

GUSTO NAMING UMIWAS SA GULO... AT KAHIT PA'NO, ME KONTING PERA KAMI.

PERA?

IBINENTA NA NAMIN ITONG LUPA AT BAHAY NAMIN.

HA? KANINO?

KANINO PA NGA BA, KUNDI SA KORPORASYONG UMAANGKIN SA STA. ELENA. ILANG PAMILYA ANG BUMIGAY NA SA ALOK-PANANAKOT NITO.

SA BAHAY NINA PAMBOY... PANGAMBA RIN ANG BUMALOT SA PAMILYA.

KALAT NA KALAT NA ANG BALITA . . . MAY MASAMANG MANGYAYARI DITO SA ATIN!

OO NGA PO.

NANAY, MARAMI NA PONG MASASAMA ANG NANGYAYARI SA BUONG STA. ELENA.

NAPUTOL ANG KANILANG USAPAN SA PAGDATING NI GLENDA.

HALIKA, TULOY KA! H'WAG KA NANG MAHIYA!

AHEM... KAIBIGAN KO, SI JOEY.

MAGANDANG GABI PO....

PAUWI NA SIYA. KAYA LANG, NADYI-JINGLE.

SABI KO NAMAN SA 'YO, KAYA KONG TIISIN ITO.

MASAMANG NAGTITIIS NG IHI, ANO KA BA!

MATAPOS UMIHI, ALIS AGAD ANG BISITA. NAKASUNOD ANG MATA NG LAHAT KINA GLENDA AT JOEY... NAGHINALA AGAD SI PAMBOY, SA KILOS PA LANG NG DALAWA.

NANG MAGHARAP ANG MAGKAPATID, DIRETSAHAN ANG SALITA NI PAMBOY.

GLENDA, SYOTA MO BA YUNG JOEY NA YUN?

SI ATE, O! ATENG-ATE ANG DATING!

SAGUTIN MO ANG TANONG KO!

HI-HI-HI... HINDI... NANLILIGAW PA LANG... PERO TYPE KO!

ANO? NANLILIGAW? SA 'YO? AT....

BAKIT, ATE . . . MASAMA BA?

SIGURADO KA BA SA NARARAMDAMAN MO..? BABAE RIN ANG GUSTO MO?

MASAMA BA?

GINAGAYA MO LANG AKO EH!

HINDI KAYA..! SAGUTIN MO ANG TANONG KO, ATE. MASAMA BA ANG MAGKAGUSTO SA KAPWA BABAE?

ENGOT KA PALA EH! KUNG MASAMA, ANO ANG ITATAWAG MO SA AMIN NI MELODY?

YUN NA NGA ANG GUSTO KONG SABIHIN.

GLENDA, MARAMING MAKIKITID ANG UNAWA. SILA ANG MALI AT MASA-MANG MAG-ISIP. KAYA NGA DAPAT IPAGLABAN ANG MGA KARAPATAN NG MGA LESBYANA AT IBA PANG GAYA -

-- NATIN.

SA KAPATID NA " NAGLADLAD", MATINDI ANG PAYO NI PAMBOY: TATAGAN ANG LOOB DAHIL HINDI MADALI ANG KANILANG LABAN. MANINDIGAN. IGIIT ANG MGA KARAPATAN.

SAMANTALA, TULOY ANG KAMPANYA SA PAG-PAPALAYAS SA MGA TAGA-STA. ELENA - NA MINSAN AY KINONTRA NI BERTA.

PARA SA KABUTIHAN DIN NINYO ANG ALOK NAMIN.

KABUTIHAN NAMIN?

ANG GUSTO NG INYONG MGA BOSSING, IPAGPALIT NAMIN SA KONTING HALAGA ANG AMING KARAPATANG TUMIRA DITO.

YABANG NG BADING NA 'YAN AH!

ASAR AKO SA MGA BADING! TIRAHIN NATIN!

WALANG KAALAM-ALAM SI BERTA NA ANG GANOONG PAGLALAHAD NG OPINYON AY MAGIGING MITSA NG KANYANG BUHAY.

KINAGABIHAN... PAUWI NA ANG DALAWA.

SALAMAT SA PAGHAHATID MO SA AKIN, BERTA!

GAGA! DITO TALAGA ANG DAAN KO PAUWI, ANO!

IKAW NAMAN... MASAMA BANG MAG-ILUSYON NA ME PARTNER AKO?

D'YOS KO, DAY! HINDI TAYO TALO..! PERO SIGE NA NGA! BYE-BYE, LOVE!

HA-HA-HA! 'TSOS!

WALANG KAMALAY-MALAY SI BERTA SA PANGANIB.

SA BAHAY, BIGLANG KUMABOG ANG DIBDIB NI JINKY. ANG KAIBIGAN ANG AGAD NIYANG NAISIP.

SI BERTA!

BAKA MAY NANGYARI KAY BERTA!

BERTA!!!!

LABASAN ANG MGA KAPITBAHAY, AGAD SUMAKLOLO.

D'YOS KO PO!
D'YOS KO PO!

MAY BAGO NA NAMANG PASYENTE ANG BARKADA. DATING GAWI, TULONG-TULONG SILA SA PAG-AASIKASO KAY BERTA.

IISA ANG HINALA NG LAHAT KUNG SINO ANG MAY KAGAGAWAN NG SINAPIT NI BERTA. MAINIT NA ANG ULO NG ILAN.

HANGGANG MITING NA LANG BA TAYO, TSERMAN? WALA BA TAYONG IBANG MAGAGAWA?

PINAGPAPAPATAY NA TAYO!

NASA KORTE NA ANG PETISYON NATIN. MAY PETISYON NA RIN TAYO SA CITY HALL, AT KAY CONGRESSMAN NATIVIDAD.

KUNG WALANG SILBI ANG MGA PETISYON, MAGBARIKADA NA TAYO!

HINDI HANDA ANG KOMUNIDAD SA MUNGKAHING BARIKADA. NAGTATALO PA ANG ISIP NILA KUNG ANO ANG DAPAT GAWIN.

SAMANTALA, NAKAILANG ARAW NA SA OSPITAL SI BERTA... BERTDEY NIYA NGAYON.

SIYA YUNG MISIS NA BINUGBOG NG MISTER.

GRABE. ASAN NA YUNG MISTER?

NAKAKULONG.

BUTI NGA SA KANYA... AT MABUTI, NAGBAGO KA NA.

KUNG HINDI, BAKA IPINAKULONG KA NA RIN NI MILES.

NAGBAGO NA AKO! ANG GALING MO RING MANG-ASAR, ANO?

KUMUSTA PO ANG PASYENTE NATIN, DOK?

CLOSE MONITORING KAMI SA KANYA. KAHAPON, MASAMA ANG SIGNS. NGAYON, MAGANDA.

SA SINABI NG DOKTOR, KAHIT PAANO'Y NAKAHINGA NANG MALUWAG SINA PAMBOY AT MELODY.

LORD, MAGTULOY-TULOY NA SANA ANG PAGGALING NI BERTA!

LIGALIG MAN ANG SITWASYON, MAY NABUBUO PA RING ROMANTIKONG RELASYON.

AKALA KO, PAHIHIRAPAN MO AKO, BAGO MO SAGUTIN.

USO PA BA IYON? MAHAL NAMAN KITA EH.

SURE KA?

MAKIKIPAG-HOLDING HANDS KAYA AKO SA IYO KUNG HINDI?

MALAY KO.

WALANG KAALAM-ALAM SINA GLENDA AT JOEY, MAY NANONOOD SA KANILA.

PAMBOY! SI GLENDA YUN AH!

ALAM KO.

HINDI KA NAGUGULAT?

BAKIT NAMAN AKO MAGUGULAT? MAY SARILING PAG-IISIP NA SI GLENDA.

INGGIT NGA AKO SA KANYA, EH.

BAKIT NAMAN?

KASI, ME STEADY NA SIYA. AKO, HINDI KO ALAM KUNG MERON O WALA.

GANUN..? EH ANO BA AKO SA 'YO, JUST FRIEND?

DI BA BINASTED KO NA NGA YUNG LALAKING NANLILIGAW SA AKIN DAHIL IKAW ANG GUSTO KO?

INGGIT AKO DAHIL SWEET NA SWEET SILA! HINDI GAYA NATIN . . . PARANG WALA LANG.

AH GANUN BA? UMM!

PINAGTITINGINAN TAYO NG MGA TAO!

GUSTO MO, ISIGAW KO PA NA IKAW ANG MAHAL KO EH!

NGAYON, NAGDUDUDA KA PA BA?

HINDI NA!

WOW! ANG SWEET NYO NAMAN! NAKAKAINGGIT!

ME CAMERA BA ANG CELL PHONE MO, GLENDA? KUNAN MO NGA KAMI!

ANYTIME!

MELODY, SI JOEY.

HI, JOEY!

KUMUSTA, MELODY?

OKEY LANG.

ATE, SASALI SI JOEY SA ATING GRUPO.

BAKIT?

ANO BANG TANONG IYAN, ATE? AKALA KO BA, WELCOME ANG MGA BAGONG MEMBER SA ATIN?

PAMBOY, ANG SUNGIT MO, HA? PORMA MO, SINAUNANG ATE!

A... ANG IBIG KONG SABIHIN, BAKA HINDI NIYA NAIINTINDIHAN ANG GRUPO NATIN.

PINALIWANAGAN NA AKO NI GLENDA. DAPAT TALAGA, LAHAT NG GAYA NATIN, MAGSAMA-SAMA. PARA MAIPAGTANGGOL NATIN ANG ATING PAGKATAO.

ANO, ATE, LABAN KA?

HUMANGA SI PAMBOY SA SINABI NI JOEY. NAKAMAYAN TULOY NIYA ANG APLIKANTE.

NAPUTOL ANG USAPAN NILA DAHIL SA KOMOSYON SA ISANG SILID - SA SILID NI BERTA.

INATAKE SA PUSO SI BERTA. MABILIS ANG AKSYON NG MGA NARS AT DOKTOR.

MALUPIT ANG ATAKE SA PUSONG TUMAMA KAY BERTA. HINDI SIYA NAILIGTAS SA KAMATAYAN.

SA BUROL NI BERTA, SUMUMPA ANG GRUPO NA IPAGPAPATULOY NILA ANG SAMAHAN.

SA ALAALA NI BERTA, SANA, LALO TAYONG MAGKAISA AT MAGTULUNGAN.

MATAPOS ANG LIBING NI BERTA, PINAGBUTI NG SAMAHAN ANG PAG-AARAL TUNGKOL SA KANILANG MGA KARAPATAN AT DAPAT GAWIN.

TUMULONG RIN SILA SA PAGPAPAPIRMA NG PETISYON LABAN SA PANGANGAMKAM NG LUPA NG BARANGAY.

PERO MAY MGA RESIDENTENG UMALIS PA RIN KAPALIT NG KONTING PERA.

SAMANTALA, SA OPISINA NI PAMBOY, ISANG ARAW... MAY DUMALAW SA KANYANG BOSS, KAMAG-ANAK DIUMANO NI MELODY.

SIR, ISIPIN NINYO ANG ESKANDALONG IDUDULOT NI PAMBOY SA INYONG OPISINA.

SI PAMBOY AY MATAGAL NA DITO. MAGANDA ANG PERFORMANCE NIYA.

SYEMPRE PO, KELANGAN NIYANG MAGPAKITANG-GILAS. PERO ANG TOTOO, IMORAL SIYA. BIRUIN NAMAN NINYO, KABABAENG TAO, NAKIKIPAGRELASYON SA KAPWA BABAE.

PERSONAL NA USAPIN NA IYAN. BAKIT KO PAPAKIALAMAN?

PAALALA PO LAMANG. PAG ISINIWALAT NA NAMIN SA PUBLIKO ANG TUNAY NA PAGKATAO NI PAMBOY, DAMAY ANG OPISINA NINYO.

NAG-IWAN NG MATINDING PALAISIPAN ANG KAMAG-ANAK NI MELODY SA BOSS NI PAMBOY.

LUNCHBREAK SA OPISINA. SINASAMANTALA NI PAMBOY ANG MGA GANITONG PAGKAKATAON PARA MAKIPAGTALAKAYAN SA MGA KATRABAHO.

ANG IPINAPALIWANAG NI PAMBOY AY ANG "MGA PRINSIPYO NG YOGYAKARTA", KALIPUNAN NG MGA TUNTUNIN SA PAGPAPATUPAD NG MGA PANDAIGDIGANG BATAS NG MGA KARAPATANG PANTAO NG LESBIANS, GAYS, BISEXUALS, AT TRANS.

MGA PRINSIPYO NG Y

Salin sa Filipino ng edisyong Ingles, na siyang opisyal na teksto.

Mga Tuntunin sa Aplikasyon ng Pandaigdigang Batas ng mga Karapatang Pantao Kaugnay ng Oryentasyong Seksuwal at Pagkakakilanlang Pa

UMUGNAY SA GALANG PARA MAKAKUHA NG KOPYA NG "MGA PRINSIPYO NG YOGYAKARTA."

PAMBOY, PUNTA KA RAW KAY BOSS PAGKATAPOS NG LUNCHBREAK.

GANOON NGA ANG GINAWA NI PAMBOY. DALA PA NIYA ANG "MGA PRINSIPYO NG YOGYAKARTA" NANG PUNTAHAN ANG BOSS.

TAWAG N'YO RAW AKO, SIR?

MAUPO KA, PAMBOY.

NABIGLA ANG ATING BIDA SA TANONG NG BOSS.

SINO YUNG KAIBIGAN MONG NURSING STUDENT NA MADALAS PUMUNTA DITO?

SIR?

MELODY BA ANG PANGALAN NIYA?

BAKIT PO NINYO ITINATANONG?

MAY BISITA AKO KANINA. KAMAG-ANAK DAW SIYA NI MELODY.

SINABI NG BOSS ANG LAHAT. APEKTADO SI PAMBOY.

DIRETSO ANG TANONG NG BOSS.

ANO BA ANG RELASYON NINYO NI MELODY?

KARAPATAN KONG HINDI SAGUTIN ANG INYONG TANONG, SIR. PERO SASAGUTIN KO KAYO. PARTNER KO PO SI MELODY. AND I AM PROUD OF IT!

PARTNER?

KARELASYON KO.

PERO PAREHO KAYONG BABAE!

WITH ALL DUE RESPECT, SIR, ANO PO ANG PUNTO NG USAPANG ITO?

MAGANDA ANG REKORD MO DITO, PAMBOY... PERO AYOKONG MASABIT ANG OPISINA SAKALING GUMAWA NG ALINGASNGAS ANG PARTIDO NI MELODY.

SA TONO NG BOSS, PARANG GUSTO NIYANG PAALISIN SA TRABAHO SI PAMBOY. MATIBAY MAN ANG ATING BIDA, APEKTADO PA RIN SIYA. UMALIS SIYANG TILA SASABOG ANG DIBDIB SA SAMA NG LOOB.

NAIWAN NI PAMBOY ANG BABASAHIN UKOL SA KARAPATAN NG MGA LESBYANA, NA NGAYON AY TINUTUNGHAYAN NG BOSS NIYA.

HANGGANG SA PAG-UWI, MASAMANG-MASAMA ANG LOOB NI PAMBOY. PERO DESIDIDO SIYA. KUNG PAPAALISIN SIYA DAHIL SA KANYANG PAGIGING LESBYANA, LALABAN SIYA!

NAGSASALIMBAYAN ANG MGA PROBLEMA - PASAKIT NI PAMBOY AT MGA ISYU NG KOMUNIDAD... ANO NA NGA BA ANG HINAHARAP NI PAMBOY --

TUTULAN ANG LANDGRABBING SA STA. ELENA!

MGA TAGA-STA. ELENA, MAGKAISA!

TUTULAN ANG LANDGRABBING SA STA. ELENA! IPAGTANGGOL ANG ATING KARAPATAN SA PANINIRAHAN! MGA TAGA-STA. ELENA, MAGKAISA!

IPAGTANGGOL ANG ATING KARAPATAN SA PANINIRAHAN

TUTULAN ANG LANDGRABBING SA STA. ELENA!

MAGKAISA

AT NG STA. ELENA..? MERON PA KAYANG NAKAKAALALA SA ISANG PANGYAYARI SA KATABING BARANGAY, MAY KALAHATING TAON NA ANG NAKAKARAAN?

ISANG MADALING ARAW, NAULIT ANG KASAYSAYAN. MAY APOY NA NAGSIMULA SA ABANDONADONG BAHAY MALAPIT KINA PAMBOY.

APOY NA MABILIS NA KUMALAT, PALIBHASA'Y MADALING MAGLIYAB ANG MATERYALES NG MGA BAHAY SA STA. ELENA.

SUNOG! SUNOG! MGA KAPITBAHAY,

SUNOG! SUNOG! MGA KAPITBAHAY,

SUNOG! SUNOG! MGA KAPITBAHAY, GISING! SUNOG!

SUNOG! SUNOG! MGA KAPITBAHAY,

SA SINAPUPUNAN NG KRISIS, MINSAN PANG NAMALAS ANG DIWA NG BAYANIHANG SA ISANG PANAHO'Y LIKAS SA ATING LAHAT.

PERO NAPURUHAN NG SUNOG ANG BAHAY NINA PAMBOY.

HALINA KAYO! LABAS NA TAYONG LAHAT!

NAY, ANG CELL PHONE KO! HINDI KO MAKITA!

LINTIK NA CELL PHONE YAN! KUNG SAAN-SAAN MO KASI INILALAGAY!

NASAAN SI PAMBOY?

HETO SI PAMBOY, NAGHAHAKOT NG PAGKAIN MULA SA KANILANG MALIIT NA TINDAHAN.

PAMBOY! LABAS NA D'YAN!

MELODY! ANONG GINAGAWA MO DITO?

ANO PA, EH DI HINAHANAP KA! GUSTO MO NA YATANG MAMATAY EH!

NANAY! TULONG! TINDAHAN!

MAHAL KA TALAGA NI MELODY, ATE! BIRUIN MO, ITATAYA ANG BUHAY PARA SA 'YO!

GAGA!

ILANG SAGLIT PA, SUNOG NA ANG BAHAY NINA PAMBOY AT NG MGA KAPITBAHAY NILA.

SAKA PA LAMANG DUMATING ANG MGA BUMBERO.

STA. ELENA

FIRE PROTECTION

SA PAGDADALAMHATI NG MGA BIKTIMA, DUMATING SI JOEY, HINAHANAP SI GLENDA.

SORI. HINDI AKO NAKATULONG SA INYO.

OKEY LANG.

SUNOG NA RIN ANG BAHAY NINA JACK AT JILL. WALA SILANG NAILIGTAS KUNDI TIG-ISANG BAG NG MGA DAMIT.

WALA NA, JACK! WALA NANG NATIRA SA LAHAT NG IPINUNDAR NATIN!

PERO MAY MAGAGAWA PA TAYO PARA TULUNGAN ANG IBA! HALIKA!

KESA SA MAGDALAMHATI, GANOON NGA ANG GINAWA NG MAG-PARTNER NA JACK AT JILL.

NAGKABISA ANG DIWA NG BAYANIHAN. NAPUKSA ANG APOY. MAS MARAMING BAHAY ANG NALIGTAS. NAPIGIL ANG GANAP NA PAGKASUNOG NG BUONG STA. ELENA.

WALANG NASAWI SA SUNOG. MAY ILANG NASUGATAN. KARAMIHAN NG BIKTIMA AY NAGSIKSIKAN SA KALAPIT NA PALARUAN NA HINDI INABOT NG APOY, KABILANG SINA PAMBOY, NANAY IDA, ATE TESSIE, ATE SANDRA, JINKY, JACK, JILL, BRAD AT MILES.

SYEMPRE, AGAD NA DUMAMAY SINA MELODY AT JOEY SA KANILA.

TUMULONG DIN ANG MGA KASAPI NG SAMAHAN.

ILANG ARAW PA, NAGPULONG ANG GRUPO. MULING IPINAMALAS NI PAMBOY ANG KANYANG PAMUMUNO.

HINDI TAYO MAGPAPATALO, ANUMAN ITONG NANGYARI SA ATIN, BABANGON TAYO!

PERO NATAHIMIK SILA NANG MAGSALITA SINA BRAD AT MILES.

MAGPAPAALAM NA KAMI SA INYO.

SAAN KAYO PUPUNTA?

UUWI NA KAMI SA PROBINSYA.

MAGSISIMULA KAMING MULI NI BRAD SA MALIIT NA LUPA NIYA DOON.

LUPA NATING DALAWA IYON, MILES!

MALUNGKOT MAN, WALA SILANG MAGAGAWA SA DESISYON NG MAG-PARTNER NA BRAD AT MILES.

ILANG ARAW PA, ANG BUONG LUGAR NA NASUNUGAN AY BINAKURAN NG MGA DI-KILALANG LALAKI.

OFF LIMITS TO THE PUBLIC

AZUNCION DEVELOPMENT CORP

NO TRESPASSING

OFF LIMITS TO THE PUBLIC

HINAYAAN LAMANG NG TAUMBAYAN NA MATAPOS ANG TRABAHO NG MGA LALAKI. PAGKATAPOS....

OFF LIMITS TO THE PUBLIC

AZUNCION DEVELOPMENT CORP

PAGKAKAISA NG MGA MARALITA SA STA. ELENA

TUTULAN ANG LANDGRABBING SA STA. ELENA!
IPAGTANGGOL ANG ATING KARAPATAN SA PANINIRAHAN!
MGA TAGA-STA. ELENA, MAGKAISA!
HINDI TAYO SUSUKO!

MARALITANG LESBYANA, MANINDIGAN!
KARAPATAN NG LESBYANA, IGALANG!
KABAHASAN SA LESBYANA AY KABAHASAN SA KABABAIHAN!
ANG KARAPATANG MAGMAHAL AY KARAPATANG PANTAO!

PAGKAKAISA NG MGA MARALITA SA STA. ELENA

TUTULAN ANG LANDGRABBING SA STA. ELENA!
IPAGTANGGOL ANG ATING KARAPATAN SA PANINIRAHAN!
MGA TAGA-STA. ELENA, MAGKAISA!
HINDI TAYO SUSUKO!

LAKAS-LESBYANA SA STA. ELENA

LAKAS-LESBYANA SA STA. ELENA



SAAN HAHANTONG ANG PAKIKIPAGSAPALARAN NI PAMBOY AT NG MGA KASAMA NIYA? HINDI MADALING SAGUTIN IYAN. PERO HANGGANG MALINAW ANG ISIP SA KUNG ANO ANG TAMA, TOTOO, AT MAKATARUNGAN, HANGGANG MATIBAY ANG SAMAHAN AT LALO PANG NAGPAPALAKAS, SA ABO NG NAKARAAN AY MAITATAYO ANG BAGONG KAAYUSAN.

Ano ang "Paglaladlad" o "*Coming Out of the Closet*"?

Ang "paglaladlad" ay tumutukoy sa proseso ng paghahayag ng katauhan ng isang tao. Karaniwan itong ginagamit kaugnay sa proseso ng pagtanggap sa sariling pagkatao ng mga sekswal na minorya gaya ng mga lesbyana, *gay*, *bisexual*, o *transgender* (LGBT). Sa wikang Ingles, ang katumbas nito ay ang "*coming out of the closet*", isang makulay na idiyoma na naghahalintulad sa paglalahad ng pagkatao ng isang LGBT sa paglabas nito mula sa isang aparador kung saan siya ay nagtatago dahil hindi niya tanggap ang sarili.

Dapat bang Magladlad ang Lahat ng Lesbyana, *Gay*, *Bisexual*, at *Transgender*?

Bagamat nakakatulong sa pagsusulong ng mga karapatang pantao ang paglaladlad—ang tanggapin ng isang tao ang kanyang tunay na pagkatao at ibahagi ito sa mga taong mahalaga sa kanya—dahil mas marami ang malayang makakalahok sa usapin ng mga karapatang pantao ng mga LGBT, walang sinuman ang dapat piliting magladlad. Ang paglaladlad ay isang personal na desisyon at walang ibang tao ang dapat na makialam sa prosesong ito. Nasa bawat tao ang pasya kung gusto niyang sabihin sa kanyang pamilya, mga kaibigan o maging sa buong komunidad na siya ay lesbyana, *gay*, *bisexual*, o *transgender*. Pana-panahon din ang paglaladlad dahil isa itong malaking hakbang na marahil ay nakakapagpagaan ng damdamin para sa iba, pero maaari ring makapagdulot ng higit na pagsubok sa buhay ng isang tao lalo na kung hindi tanggap ng mga tao sa kanyang paligid ang kanyang tunay na pagkatao.

Ano ang Pandaigdigang Araw para sa Pagwawaksi sa Karahasan Laban sa Kababaihan *(International Day for the Elimination of Violence Against Women)*?

Noon pa mang 1981, ipinagdiriwang na ng mga bansa sa Timog Amerika at ilan pang bansa sa ibang bahagi ng mundo ang ika-25 ng Nobyembre bilang araw ng paggunita sa mga karahasan laban sa kababaihan. Taong 1999 nang italaga ng 79 na bansa sa Pangkalahatang Asembliya ng United Nations ang makasaysayang araw na ito bilang Pandaigdigang Araw para sa Pagwawaksi sa Karahasan Laban sa Kababaihan o *International Day for the Elimination of Violence Against Women (VAW)*. Ayon sa Pangkalahatang Asembliya, ang sari-saring anyo ng karahasan laban sa mga kababaihan ay patuloy na humahadlang sa kanilang pagtamasa ng pantay na pagtingin sa lipunan. Ang ika-25 ng Nobyembre ay isang araw kung saan hinihimok ang mga pamahalaan, sangay ng United Nations, at iba pang organisasyon na magsagawa ng mga pagkilos na magpapatalas sa pag-unawa ng mga mamamayan tungkol sa problema ng karahasan labas sa kababaihan. Ang Karahasan Laban sa Kababaihan o VAW ay tumutukoy sa mga kilos na maaaring magdulot ng pisikal, sekswal o sikolohikal na pinsala sa mga kababaihan, maging sa pampubliko o pampribadong buhay.

Nasasaklaw ba ng Karahasan Laban sa Kababaihan ang Karahasan Laban sa mga Lesbyana?

Oo. Ayon sa *Violence Against Women and Children Act of 2004*, ang batas na naglalarawan at nagpapataw ng karampatang parusa para sa karahasan laban sa kababaihan, ang VAW ay binubuo ng mga kilos na isinagawa ng lalaki laban sa babae na kanyang asawa, dating asawa o kung kanino siya may anak, o isinagawa ng sinumang tao, lalaki man o babae, laban sa babae kung kanino sya may ugnayang sekswal o romantiko, na nagdulot o malamang na magdudulot ng pisikal, sekswal, sikolohikal na pinsala o pagdurusa, o abusong pang-ekonomya kasama na ang pagbabanta. Samakatwid, ang isang lesbyana ay maaaring makaranas ng karahasan laban sa kababaihan, at maaari itong mangyari, halimbawa, sa kamay ng kanyang asawa o dating asawang lalaki, o sa kamay ng kinakasama o karelasyon, babae man o lalaki. Ilan sa mga anyo ng karahasang ito na madalas makita sa komunidad ay ang panggagahasa, pambubugbog, pagbabanta, pananakot, panghihipo, sapilitang pambubugaw, atbp.

FIND-A-WORD

Sikat ang Pilipinas sa pagkakaroon ng napakaraming magagandang tanawin. Binubuo ang bansa ng higit sa 7,000 pulo o isla na katatagpuan ng sari-saring likas na yaman at mga makasaysayang atraksyon. Kaya mo bang hanapin ang sampu sa mga ito? Bilugan lamang sa ibaba.

Bulkang Mayon
Baguio
Intramuros
Maria Cristina Falls
Antipolo
Chocolate Hills
Boracay
Luneta
Mount Apo
Tagaytay

A	B	K	C	H	O	C	O	L	A	T	E	H	I	L	L	S	F
F	X	T	B	O	H	E	W	G	A	V	L	B	N	N	U	L	E
O	I	U	G	A	B	D	E	L	O	L	U	O	T	C	T	O	M
O	H	R	E	N	S	S	L	A	X	Z	Y	R	R	H	E	L	D
N	A	S	G	T	A	G	A	Y	T	A	Y	A	A	O	S	L	U
V	J	P	B	I	H	H	N	E	M	L	U	O	M	C	T	O	L
C	E	F	G	P	U	O	E	G	U	K	N	C	U	O	A	P	O
C	E	S	O	O	K	N	N	E	G	Q	W	A	R	L	Y	N	O
A	S	T	G	L	L	A	S	Y	A	C	A	R	O	B	B	Y	P
G	A	B	S	O	K	Y	T	U	B	D	O	Y	S	A	Y	A	A
E	T	S	T	L	M	T	B	I	I	S	L	B	S	A	R	T	T
N	E	E	U	O	B	A	S	T	S	R	E	L	O	K	H	A	N
O	N	B	S	A	K	B	O	R	A	N	Y	E	S	T	R	G	U
G	U	L	B	U	M	I	N	H	I	L	K	A	L	L	B	A	O
S	L	L	A	F	A	N	I	T	S	I	R	C	A	I	R	A	M



KOMIKS KROSWORD



PABABA

2 buwan ng paggunita sa International Day for the Elimination of Violence Against Women
4 Mga Prinsipyo ng _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ A
6 binalikan si Pamboy sa kalagitnaan ng sunog
7 dapat laging malinaw ang isip sa kung ano ang tama, totoo, at m _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _
9 hindi makita ni Glenda
11 organisadong grupo
13 kultura ng pagtutulungan na likas sa mga Pilipino na madalas ipamalas sa panahon ng sakuna
15 madalas kapares ng tokwa't baboy

PAHALANG

1 mahal ni Glenda
3 relasyon nina Melody at Pamboy
5 karahasan laban sa kababaihan
6 nakakulong dahil sa panggugulpi ng asawa
8 pang-aabuso
10 dati ay Samahang Walang Pangalan
12 destinasyon nina Brad at Miles
14 panawagan para sa karapatan ng lesbyana

PAHALANG
1. Joey
3. Steady
5. VAW
6. Mister
8. Karahasan
10. Lakas-Lesbyana
12. Probinsya
14. Igalang

PABABA
2. Nobyembre
4. Yogyakarta
6. Melody
7. Makatarungan
9. Cellphone
11. Samahan
13. Bayanihan
15. Goto

Building Community Strength. Fueling Community Growth.

Ang Tatsulok Komiks ay tugon ng GALANG sa pangangailangan ng mga maralitang tagalungsod na lesbyana, *bisexual*, at *trans men* (LBT) para sa isang popular na babasahin na nagpapalawak at nagpapalalim ng kanilang pag-unawa sa mga karapatang pantao nila. Umaasa ang GALANG na ang babasahing ito ay kapupulutan ng mga mambabasa hindi lamang ng dagdag na kaalaman kundi pati na ng mabubuting aral gaya ng paggalang sa kapwa at pagkilala na ang mga karapatang pantao ay para sa lahat.

Hindi maaaring gamitin, isalin o kopyahin sa anumang porma o anyo ang anumang bahagi ng babasahing ito kung walang nakasulat na pahintulot mula sa tagapaglimbag.

Isinulat ni: Bonifacio P. Ilagan (sarapiph@yahoo.com)
Iginuhit at Inilatag ni: Franz Garcia (www.franzdg.blogspot.com)
Inilimbag ng: GALANG Philippines
Sa Pangangasiwa ni: Anne Lim
Sa Tulong ni: Daisy Mae T. Caber

Ipadala sa GALANG ang inyong mga tanong, puna o mungkahi:

Email: inquiry@galangphilippines.org, galangphilippines@gmail.com
Facebook: GALANG Philippines
Website: www.galangphilippines.org
Telefax: +63 2 435 4103
Mobile: +63 927 293 3731
Address: Unit 312 Llanar Building
77 Xavierville Avenue corner B. Gonzales Street
Loyola Heights, Quezon City, Metro Manila 1108, Philippines